GSMA

# Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

## Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills



Copyright © 2024 GSM Association

# Module 11: Gastos

## Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills


## Ano ito?

**Ipaliwanag:** "Sa tuwing gumagamit ka ng internet sa phone mo, gumagamit ka ng data. Ibig sabihin nito na kailangan mong bumili ng data mula sa mobile network mo. Ang ilang gawain sa internet ay gumagamit ng mas maraming data, tulad ng panonood ng mga video, kaya mas malaki ang gastos kung gagawin ito."


"Maaari kang bumili ng data para sa internet; tulad ito ng pagbili ng phone credit para sa mga tawag at mensahe. Maaaring mabili ang data para sa internet mula sa iyong lokal na mobile network agent o nagbebenta ng phone credit na magta-top up nito para sa iyo."

"Minsan maaari ring bilhin ang internet data sa mga data voucher o data card na magagamit mo para mag-top up sa iyong mobile internet."

## Mga kagamitan na kakailanganin mo:



Mga handset na smartphone




Poster ng gastos

## Ano ang gumagamit ng data?

**Ipakita ang poster ng gastos.**

"Gumagamit ng iba't ibang halaga ng data ang iba't ibang gawain. Ang pagbabasa sa text ay gumagamit ng pinakamaliit na data, ang pagtingin sa mga larawan ay gumagamit ng higit pa, ang paglalaro at pag-download ng musika, mga sticker at mga ringtone ay gumagamit din ng higit pa at ang pag-download at pag-play ng mga video ay gumagamit ng pinakamaraming data. Gumagamit ng mas maraming data ang mga video kaysa sa iba pang paggamit sa internet."

"Ang ilang mga serbisyo sa internet ay nauugnay sa mga gawain na gumagamit ng mas maraming data. Halimbawa:

- Gumagamit ng maraming data ang panonood ng mga video sa YouTube.
- Mas mababa ang gastos sa Google para sa pagbabasa sa text at pagtingin sa mga larawan, pero mas malaki ang gastos kung manonood ka ng mga video.

Kapag nag-update ang apps o system ng phone mo, gumagamit din ito ng data at ito ay may katumbas na gastos."

## Paano mo tinitingnan ang mga gastos mo sa data?

### Ipahawak ang smartphone sa mga trainee at tulungan silang sundan ang mga hakbang.

"Mahalagang i-check ang iyong data para malaman mo kung gaano na karami ang nagamit mo at kung alin sa mga ginagamit mo ang malakas kumonsumo ng data. Puwede mong i-check ang natitirang data mo, katulad ng pag-check mo kung ilang minuto o ilang text ang natitira gamit ang code mula sa iyong network."

**Ipakita** sa trainee kung paano tingnan ang data. Iba-iba ang paraan ng pag-check depende sa bansa o sa network na gamit mo. Magtanong sa isang mobile agent kung kailangan mo ng tulong.

**Tip:** "Puwede kang bumili ng data na iba-iba ang halaga depende sa kung paano mo gagamitin ang internet. Magtanong sa iyong lokal na mobile agent kung alin ang pinakaangkop sa pangangailangan mo."

# Mga Poster at Mga Cut-Out

## Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills

# Mga Gastos sa Data

